
BACKGROUND 6

Para sa Agarang Paglabas
2021FIN0023-000744
Abril 20, 2021

Ministeryo ng Pananalapi

Ang pagpopondo ay nagsusuporta sa pakikipagtulungan sa mga First Nation upang isulong ang pagkakasundo

Ang Badyet 2021 ay nagbibigay ng pagpopondo sa buong pamahalaan para sa trabaho sa pagitan ng Lalawigan at mga Katutubong tao upang isulong ang muling pagkakasundo, matiyak na ang mga Katutubong tao ay lubos na nakikilahok sa pagbawi ng ekonomiya at patuloy na nakikipagtulungan upang maisagawa ang Deklarasyon sa Karapatan ng mga Katutubong Tao na Batas.

Ang Badyet 2021 ay nagdadagdag ng \$60 milyon sa taunang batayang pagpopondo sa Ministeryo ng mga Relasyon at Pagkakasundo sa Katutubo, na magbibigay ng dedikadong pagpopondo na sumusuporta sa pakikilahok ng Katutubo sa mga aktibidad sa lupa at mapagkukunan, mga negosasyon at pakikisali sa batas, patakaran at mga programa. Ang matatag na pagpopondo ay napakahalaga upang maisulong ang pagkakasundo na naaayon sa Batas sa Deklarasyon at pagbutihin ang mga ugnayan at pakikipagtulungan sa pagitan ng Lalawigan, mga First Nation at industriya.

Ang mga bagong posisyon sa pangunahing mga ministeryo ay idadagdag sa pamamagitan ng Badyet 2021 upang matiyak na ang kinakailangang mga kawani ay nasa lugar upang maisakatuparan ang gawain upang maipatupad ang mga kasunduan sa pagkakasundo na pinirmahan na magkasama ng Lalawigan at mga First Nation, kasama na ang mga paglipat ng lupa, pati na rin upang maipatupad ang Batas sa Deklarasyon. Ang Badyet 2021 ay may kasamang \$6 na milyon bawa't taon upang suportahan ang 30 mga bagong posisyon sa mga ministeryo ng Katutubong Relasyon at Pakikipagkasundo, at mga Kagubatan, mga Lupa, mga Pagpapatakbo ng Likas na Yaman at Pag-unlad sa Kanayunan.

Ipinapagpatuloy ng Badyet 2021 ang mga kritikal na pamumuhunan sa mga kasanayan at pagsasanay upang suportahan ang mga Katutubong tao upang ma-akses ang mga programa upang maghanda para sa mga bagong oportunidad sa pagtatrabaho sa mga trabaho na mataas ang pangangailangan. Kasama dito ang \$17 milyon noong 2021-22, na nagtatayo sa mga nakaraang pamumuhunan sa Plano sa Pagbawi ng Ekonomiya ng Mas Malakas na BC (StrongerBC Economic Recovery Plan) at Badyet 2020.

Ang programa ng Pagsasanay sa Kasanayan at Edukasyon ng Mga Katutubong Komunidad ay nakatanggap ng \$15 milyon upang paganahin ang higit sa 1,000 Katutubong mga tao na ang trabaho ay naapektuhan ng COVID-19 upang ma-akses ang mga programa sa pagsasanay sa kasanayan at edukasyon.

Ang isang karagdagang \$20 milyon na bagong pagpopondo ay ibinibigay para sa Aboriginal Head Start na programa, na nagbibigay ng walang-bayad, may kaugnayan sa kulturang pangangalaga ng bata para sa mga Katutubong pamilya.

Ang Badyet 2021 ay may kasamang \$59 milyon upang suportahan ang mga ligtas na pangkulturang serbisyong pangkalusugan para sa mga Katutubong tao, na kritikal sa pagtitiyak na pantay ang pag-akses sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan at pagtataguyod ng kalusugan at kagalingan. Kasama dito ang \$14 na milyon para sa Awtoridad sa Kalusugan ng mga First Nation (First Nations Health Authority) upang maihatid ang mga pagtutuon na mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan at pagkagumon para sa mga Katutubong tao sa buong B.C. at isang karagdagang \$45 milyon sa loob ng tatlong taon upang ipatupad ang mga rekomendasyon ng ulat ng In Plain Sight sa pamamagitan ng pagbibigay ng karagdagang kaligtasan sa kultura at pagsasanay sa kababaang-loob at mga katutubong pakikipag-ugnay sa loob ng mga awtoridad sa kalusugan.

Bilang karagdagan sa badyet, ang Taglagas 2020 na Plano sa Pagbawi ng Ekonomiya ng Mas Malakas na BC (StrongerBC Economic Recovery Plan) ay may kasamang makabuluhang pagpopondo upang isulong ang

pagkakasundo at bumuo ng isang mas inklusibong ekonomiya, kasama ang:

- Ang Pagkokonekta ng British Columbia (Connecting British Columbia) na programa at ang Pondo ng Unibersal na Broadband ng Pamahalaan ng Canada (Government of Canada's Universal Broadband Fund) ay magbibigay ng \$4.5 milyon upang mapagbuti ang serbisyo ng cellular sa Highway 16 mula sa Prince Rupert hanggang Prince George, na tinutupad ang isang kritikal na rekomendasyon upang gawing mas ligtas ang haywey at makatulong na maiwasan ang karahasan laban sa mga Katutubong kababaihan at mga batang babae.
- \$5 milyon upang matulungan ang mga lokal na negosyong panturismo sa pamamagitan ng Pondo sa Pagbawi ng Katutubong Turismo ng BC (BC Indigenous Tourism Recovery Fund), na bahagi ng isang pagsisikap ng maraming pamahalaan upang matulungan ang lahat ng mga aspeto ng industriya ng turismo.
- Ang mga gawad sa Pagbawi ng Kanayunang Ekonomiya [Rural Economic Recovery] (\$20 milyon) ay nagsasama ng pagpopondo para sa mga Katutubo at mga lokal na pamahalaan upang suportahan ang agarang paglikha ng trabaho sa pamamagitan ng konstruksyon.
- \$1.9 milyon para sa Muling Pagsisimula ng Paglaban sa Kapootang Panlahi (Anti-Racism Restart) at programa ng pagbawi upang ikonekta ang mga komunidad sa pamamagitan ng impormasyon, suporta at pagsasanay upang tumugon, at maiwasan ang mga insidente ng kapootang panlahi at pagkapoot.
- Kasama sa mga pagsisikap sa kapaligiran ang pagpopondo upang tulungan ang mga komunidad, mga First Nation at mga nagpapakabo ng paglilinis sa mga baybayin ng B.C. (\$14.8 milyon) at humigit-kumulang na 70 tubig-saluran at mga basang lupa na inisyatiba (\$27 milyon) upang matiyak na ang tubig ng B.C. ay nananatiling malusog at matatag sa isang nagbabagong klima.

Ang pagtugon sa labis na dosis at mga pagsisikap sa kamalayan sa mga kanayunan, malayo at mga Katutubong komunidad ay susuportahan sa pamamagitan ng \$1 milyong mga gawad sa pag-iwas. Nagtatayo ito sa mga pamumuhunan sa 2020-21 na \$2.3 milyon upang mapalawak ang mga nakakapagligtas ng buhay na pamamagitan at pangangalaga sa pangakaisipang kalusugan para sa mga First Nation at kabataang Métis, at mga post-sekundaryong mag-aaral. Ang isang kanayunan, malayuan at Katutubong balangkas sa COVID-19 ay itinatag upang matiyak na ang mga tao ay mayroong akses sa pangangalagang pangkalusugan na kinakailangan nila.

Pagkakasundo na kumikilos

Ang Lalawigan at mga Katutubong tao ay nagpatuloy na bumuo ng mga pundasyon para sa isang ibinahaging bisyon ng pagtukoy sa sarili, malusog at maunlad na mga Katutubong komunidad sa B.C.

Ang mga First Nation ay tumatanggap ng 7% na taunang bahagi sa kita ng panlalawigang sugal mula sa isang pangmatagalang kasunduan na pinirmahan noong Setyembre 2020. Ang kasunduang ito ay inaasahang magbibigay sa mga First Nation ng B.C. ng hanggang \$3 bilyon sa loob ng 25 taon, na nagbibigay ng pagpopondo para sa pangmatagalang pamumuhunan sa mga serbisyong kinakailangan ng kanilang mga komunidad.

Sa pamamagitan ng Building BC: na Pondo ng Pabahay sa Katutubo (Indigenous Housing Fund), ang Lalawigan ay namumuhunan ng \$550 milyon sa loob ng 10 taon upang magtayo ng 1,750 na mga bahay para sa mga Katutubong tao, nakatira man sila o hindi sa reserba. Halos 1,100 mga bagong abot-kayang bahay ay kumpleto o isinasagawa, kabilang ang malapit sa 360 na mga bahay sa reserba, na ginagawa ang B.C. na unang lalawigan sa Canada na namuhunan ng mga panlalawigang pondo para sa pabahay sa nasa reserbang pabahay.

Ang Estratehiya sa Hustisya ng mga First Nation ng BC (BC First Nations Justice Strategy), na nilagdaang kasama ang Konseho sa Hustisya ng mga First Nation ng BC (BC First Nations Justice Council) noong Marso 2020, ay bahagi ng pinagtutulungang gawain ng pamahalaan upang mapabuti ang karanasan ng mga Katutubong tao sa loob ng sistema ng hustisya. Ang B.C. ay nakikipagtulungan din sa konseho upang lumikha ng mga sentro ng hustisya ng mga Katutubo, at inihayag ang pagpopondo noong Setyembre 2020 upang maitayo ang Pambansang Sentro para sa mga Batas ng Katutubo (National Centre for Indigenous Laws) ng Unibersidad ng Victoria.

Ang pamahalaan ay nakatuon sa pangmatagalang relasyon sa mga Katutubong tao at gumawa ng pag-unlad sa pamamagitan ng isang bilang ng mga bagong pangmatagalang kasunduan noong 2019-20, kasama ang Kasunduan sa Lake Babine Foundation at Talaan ng Pag-uunawaan ng Coastal First Nations para sa Protokol ng Pagkakasundo.

Ang mga Katutubong tao na naninirahan sa mga lungsod na lugar ay tumatanggap ng mas maraming suporta upang matugunan ang mga paghamon ng pandemya sa pamamagitan ng \$7.8 milyong pagpopondo para sa mga sentro ng pagkakaibigan ng mga Aborihinal, pagtulong na asistihan ang mga indibidwal, mga batang pamilya, mga nag-iisang magulang, kabataan at mga Sinyor sa pamamagitan ng isang paghahalo ng personal at online na mga serbisyo.

Kontak:

Mga Relasyon sa Media ng
Ministeryo ng Pananalapi
250 387-5710

Makipag-ugnay sa Lalawigan ng B.C. sa: news.gov.bc.ca/connect